



1 Mga medikal na pasilidad

1-2 Kung magpapakonsulta sa doctor

Sa kasamaang palad, dahil limitado lang sa Japan ang mga medikal na pasilidad na nag-aalay ng serbisyo sa iba't-ibang wika, kung maaari magpapakonsulta kasama ng isang marunong magsalita ng wikang Hapon. Ipagbigay-alam din agad sa reception o uketsuke at sa nars kapag may mga ipinagbabawal sa pang-araw-araw na pamumuhay o sa pagpapagamot sa mga kadahilanang pang-relihiyon o kapag may mga allergy.

(1) Mga bagay na kailangan kung magpapakonsulta

Pagpunta sa ospital dalhin ang medical insurance certificate o kenkou hokenshou. Kapag dala ito, bahagi lang ng gastusin ang inyong babayaran. Kung hindi nadala ang health insurance certificate o hindi miyembro ng medical insurance, magiging sariling gastos ang lahat ng babayaran sa pagpapagamot at may kamahalan ang babayaran.

Bukod dito, siguraduhing dalhin ang bagay na magpapatibay ng inyong pagkakakilanlan tulad ng alien registration card at pasaporte. Kapag nakatanggap na at may ginagamit na niresetang gamot, dalhin din ito.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa health insurance card o kenkou hokenshou, tingnan ang [4 Public medical insurance, 4-2 Health insurance plan \(kenkou hoken\) \(3\)](#), at [4-3 National Health Insurance \(Kokumin Kenkou Hoken\) \(3\)](#).

1 Health insurance card o kenkou hokenshou

2 Alien registration card o pasaporte

3 Natanggap at kasalukuyang ginagamit na niresetang gamot

4 Liham ng rekomendasyon mula sa manggagamot (kapag mayroon)



(2) Oras ng pagkonsulta o consultation hours

Bagamat magkaiba ang oras ng pagkonsulta o consultation hours sa mga medikal na pasilidad, karaniwang buong umaga at hapon mula Lunes hanggang Biyernes ang karamihan sa mga ito at bukas lang sa umaga ng Sabado at sarado ng Linggo at tuwing holiday. Mas mabuting tiyakin muna at tumawag bago pumunta para magpapakonsulta. Tingnan ang [2-2 Emerhensiya sa gabi o kapag holiday](#) holiday tungkol sa pagpapagamot sa

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

mga oras na labas sa consultation hours.

<Halimbawa>

	月 Lunes	火 Martes	水 Miyerk oles	木 Huwe bes	金 Biyern es	土 Sabad o	日 Linggo
午前 Umaga	○	○	○	○	○	○	×
午後 Hapon	○	○	○	×	○	×	×

祝日は休み
Hindi bukas kapag holiday

Sa pagpasok sa ospital, makikita ang ganitong klasend patnubay tungkol sa consultation hours. Hindi bukas ang ospital para sa pagpapakonsulta sa mga araw na may X, at nangangahulugan na walang pasok sa hapon ng Huwebes at Sabado at buong Linggo

(3) Paghanap ng medikal na pasilidad

Maaaring malaman ang medikal na pasilidad na malapit sa inyo sa pamamagitan ng mga impormasyon mula sa mga inilathala ng munisipyo na inyong tinitirhan, sa Internet o sa telephone directory. Maaari ding magtanong sa mga kapitbahay.

Kapag nahihirapan makipag-usap sa wikang Hapon, mabuting makipag-ugnayan sa mga international association sa inyong lugar para malaman ang mga medikal na pasilidad kung saan may interpreter o maaaring gumamit ng sariling wika.

Sumusunod ang mga maaaring tawagan para sa katanungan sa sari-saring wika.



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



F Serbisyong medikal

[Bumalik sa TOP ng F Serbisyong medikal](#)

Telephone consultation is available in the following languages:

AMDA International Medical Information Center		
Isinasagawa ang pagbibigay ng gabay sa iba't-ibang wika tungkol sa mga medikal na pasilidad na maaaring gamitin ang sariling wika at tungkol sa sistema ng medical welfare.		
Tokyo Center Telepono: 03-5285-8088	Wikang tinutugunan	English, Thai, Intsik, Koryano, Español... Mon-Fri 9:00 to 17:00 Portuges....Mon/Tue/Fri 9:00 to 17:00 Filipino....Wed 13:00 to 17:00
Kansai Center Telepono: 06-4395-0555	Wikang tinutugunan	English, Español.... Mon-Fri 9:00 to 17:00 Intsik... Mon 10:00 to 13:00 Portuges... Mon 10:30 to 14:30

Tokyo Medical Information Service (Himawari)		
Tumutugon sa mga katanungan sa iba't-ibang wika tungkol sa mga medikal na pasilidad kung saan maaaring gumamit ng ibang wika at tungkol sa sistemang pangmedikal ng Japan.		
Telepono 03-5285-8181	Wikang tinutugunan	English, Intsik, Koryano, Thai, Español
Maaari ding hanapin sa link na ito ang mga medikal na pasilidad kung saan maaaring gumamit ng ibang wika: http://www.himawari.metro.tokyo.jp/qq/qq13to16sr.asp		

